Republic of the Philippines
**Department of Environment and Natural Resources**
**MINES AND GEOSCIENCES BUREAU**
**MIMAROPA Region**
7/F DENR Building, 1515 Roxas Boulevard, Ermita, Manila
Telefax No. (+632) 8536-0215 / (+632) 5310-1369
Email: region4b@mgb.gov.ph

ISO 9001:2015 CERTIFIED

10 Agosto 2023

**Ginang Jonah Medina Dalaguit**
Barangay Calasaguen
Brooke's Point, Palawan

**8888 Ticket Reference No. SMS-EML-080923-36-010-2**

**Gng. J. M. Dalaguit:**

Ito ay patungkol sa inyong idinulog na reklamo sa 8888 Citizens' Complaint Hotline noong 09 Agosto 2023 na ipinaabot sa aming tanggapan noong 10 Agosto 2023 para sa aming nararapat na aksyon. Ang naturang reklamo ay hingil sa inyong panawagan na hindi "makalbo" ang bundok ng Sitio Bulho, Barangay Calasaguen, Brooke's Point, Palawan dahil sa operasyon ng Ipilan Nickel Corporation (Ipilan), operator ng Celestial Nickel Mining Exploration Corporation (Celestial) sa mining project nito sa Brooke's Point, Palawan.

Nais po naming ipaalam ang mga sumusunod:

1. Ang Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) No. 017-93-IV ng Celestial na matatagpuan sa mga Barangay ng Calasaguen, Ipilan, Maasin at Mambalot, Brooke's Point, Palawan ay naaprubahan ng Pangulo ng Pilipinas noong 18 Septyembre 1993 alinsunod sa Executive Order No. 279. Ang nasabing MPSA ay binago bilang MPSA No. 017-93-IV as Amended-2000 noong 10 Abril 2000 upang umayon sa mga probisyon ng Republic Act No. 7942 o ang Philippine Mining Act of 1995; at

2. Mayroong mga aprubadong programa ang Ipilan upang isagawa ang mga aktibidades sa *"MPSA area"* nito. Kasama sa mga programang ito ay ang *"Environmental Enhancement Protection Program"* na naglalayong matiyak at mapanatiling maayos ang kalagayan ng kapaligiran habang may operasyon ng pagmimina.

Patungkol naman sa isyu sa *"ancestral domains"*, maari po kayong makipagugnayan sa National Commission on Indigenous People para mabigyan ng nararapat na kasagutan ang inyong reklamo.

Makakaasa po kayong aming pahahalagahan ang inyong idinulog na isyu at patuloy na mahigpit na susubaybayan ang lahat ng mga aktibidades ng Ipilan.

Lubos na gumagalang,

**FELIZARDO A. GACAD, JR.**
Regional Director

081123-R04B-2074
Letter
8.11.2023
MINES AND GEOSCIENCES BUREAU
MIMAROPA Region

cf:

**8888 Citizens' Complaint Hotline**
Office of the President
**Ticket Reference No. SMS-EML-080923-36-010-2**

**The Regional Executive Director**
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region

**The PENRO**
Provincial Environment and Natural Resources Office
Palawan

**The CENRO**
Community Environment and Natural Resources Office
Brooke's Point, Palawan